

I

Ang Mahiwagang Maria

Nangyari ito sa isang simbahan sa Kamaynilaan noong mga unang taon ng 2000. Hindi ito nabalita sa radyo o telebisyon dahil pinili ng mga pari na itago ito sa madla at pribado lang nilang maimbestigahan.

Abril iyon at dinadaos ang Mahal na Araw. Merong prusisyon ang mga santo na nakasakay sa karosa na puno ng mga bulaklak at makukulay na ilaw. Merong Santa Veronica, Santa Marta, San Pedro at ang manok, Santa Magdalena, Nazarenong Itim, Maria Dolorosa, at iba pa.

At tulad ng tipikal na kapiyestahan ay maraming naiwang kalat sa simbahan at sa paligid nito pagkatapos. Naumpisahang lang itong linisin ng janitor na si Tirso pagkatapos ng prusisyon bandang alas nueve ng gabi dahil nakisabay din siya sa karo ni San Pedro.

Dahil nag-iisa lang siyang janitor, hatinggabi na niya natapos ang paglilinis ng mga kalat. Pinatay niya isa-isa ang mga ilaw at iniwan namang nakabukas ang isang fluorescent light sa altar.

Pumunta rin siya sa entrance para maisarado ang malaking pintuan na gawa sa kahoy. Pinatay

niya pagkatapos ang natitirang bombilyang nakailaw sa entrance.

Nakailang hakbang na siya pabalik sa altar kung saan may labasan papunta sa kumbento nang may kumatok sa pintuan.

Napalingon siya at napatanong kung sino pa ang bibisita sa simbahan sa ganoong disoras ng gabi. Lumapit siya sa pintuan at bubuksan sana iyon nang bigla siyang nagdalawang-isip. Tumigil na kasi ang katok. Baka kung ano lang iyon.

Aalis uli sana si Tirso nang maulit ang mga katok. Banayad naman, at hindi mukhang emergency o anuman. Napagdesisyunan niyang buksan ang pintuan dahil simbahan iyon. Welcome dapat ang lahat sa lugar na iyon.

Isang babaeng santo ang kanyang nadatnan sa labas. Sa tulong ng streetlight ay naaninag niya na itim ang belo at kapa nito habang kulay ginto ang damit at korona. Hindi niya matukoy kung si Maria Dolorosa o si Santa Marta ang nasa harap niya. Basta kasing-taas niya at malamlam ang mukha na may makakapal na pilikmata.

“Bakit kaya ’to iniwan dito?” tanong niya habang inililibot ang tingin para hanapin ang may-ari. Baka nakawin ito kapag nandoon lang sa labas. Inabot niya ang maliit na pisngi ng santo para tingnan kung anong materyal ang ginamit sa paggawa nito. Sa lamig at tibay ay mukhang gawa sa ivory. Mahal ito sigurado.

Naghintay si Tirso ng limang minuto at nang walang dumating ay hinila niya ang santo paloob sa simbahan. Baka hanapin bukas ng may-ari kaya maiging itago na lang niya sa loob. Mabigat

kaya medyo natagalan din ang kanyang paghatak.

Ni-lock niya uli ang pinto at nagpasyang matulog na.

Papunta siya sa altar nang may mabibigat na hakbang ng takong na umalingawngaw sa loob ng simbahan. Natigilan si Tirso dahil siya lang ang nag-iisang nandoon. Paglingon niya ay tumigil ang tunog ng takong. Pero hindi pa rin natigil ang pagtayo ng mga balahibo niya sa batok dahil nasa gitna na ng pasilyo ang santo gayong iniwan niya ito kanina malapit sa pintuan.

Sa takot ay napatakbo si Tirso sa pintuan sa altar at umakyat para gisingin si Padre Celestino.

“Santo na gumagalaw?” tanong ng pari habang lumalabas sa kuwarto nito.

“Opo, Padre! Gumagalaw siya!”

Bumuntot sa kanya ang pari nang lumabas siya ng kumbento at pumasok ng simbahan. Binuksan nila ang mga ilaw at nandoon nakatayo ang santo sa gilid ng pintuan kung saan niya unang iniwan.

“Baka gutom lang ’yan o antok, kaya ka namalikhata,” sabi ng pari.

Naisip ni Tirso na baka nga namalikhata lang siya kanina. Malapit pa rin nga naman sa pintuan, pero anupaman ay nilakad nila ang pasilyo para makalapit sa santo.

At bago sila nangalahati ay tumunog na naman ang paghakang ng takong at kapwa sila natulos sa kinakatayuan nang lumakad ang santo para salubungin sila.

“Sino ka?” ang tanging naimutawi ng pari nang nasa harap na nila ito.

Gamit ang boses na tila galing sa ibang mundo, humiyaw ito. “Ako si Satanas!”

At hindi sila nakailag nang pinalipad nito ang mga kamay para dukutin ang kanilang mga puso.

II

Si Lola Hayupan

Nagtrabaho sa isang NGO na nangangalaga ng mga senior citizen si Jane. Pinupuntahan nila ang matatandang nag-iisa, hinahatiran ng mga groceries at gamot, at kinakalinga sila.

Sa Manila ang main office nila at nag-extend ang kanilang operasyon sa isang probinsya sa Katagalugan kaya napaempake siya ng mga gamit.

Maganda naman ang kanilang naging operasyon dahil supportive ang mga tao. Itinuturo ng mga ito kung saan umuwi ang matatandang nag-iisa at ayaw pumunta sa mga nursing home.

Gumagawi sila sa mga liblib na baryo dahil doon sa mahihirap na lugar naninirahan ang mga pinakakawawang lolo at lola.

Papunta sila sa Baryo Masangkay nang nahagip ng mata ni Jane ang nag-iisang dampa sa gilid ng ilog na halos matakpan na ng ilang puno. Mukhang abandonado dahil halos matumba na ang mga poste nito. Nalaman lang nilang may tao pala roon nang may nakita silang nakadungaw sa bintana na ulo ng isang matandang babae na may namumuting buhok.

Gusto nga sana ni Jane na hintuan iyon ngunit gahol na sila sa oras kaya dumiretso na

sila sa barangay hall ng Baryo Masangkay para bisitahin ang binigay na listahan ni Mayor.

Natuwa ang limang matatanda nang matanggap ang dala nilang mga groceries. Si Lolo Poncho ay binigyan pa siya ng apat na bato na hugis heart. Medyo mabigat iyon sa backpack niya pero binitbit pa rin niya para makita ng matanda ang appreciation niya.

“B’alik kayo dito, mga apo!” sabi ng matatanda nang papaalis na sila.

“Opo!” duet nila ni Raymund bago nag-drive pabalik ng kapitolyo.

Nakaisang kilometro na sila nang maalala niya ang isang dampa kanina. Sinabihan niya si Raymund na daanan nila iyon tutal pa-alas cinco pa lang naman.

Mga isang oras sila sa kalsada bago nila nakita muli ang dampa. Inihinto nila ang kotse at bumaba sa bandang ilog. Mahaba-habang lakarin nga rin iyon.

Habang papalapit sila sa dampa ay bumabaho ang amoy ng hangin kaya binalikan muna nila ang kanilang mga mask sa kotse.

Agad siyang naawa sa matanda. Baka kasi walang nag-aalaga ritong kamag-anak kaya napapabayaan.

“Tao po! Nandiyan po ba kayo, ‘Nay?” tawag ni Jane.

Walang sumagot kaya inulit niya ang pangangatok.

May umubo. Siguradong naroon sa loob ang matanda.

“Nay, mga kaibigan po kami. Bibigyan sana

namin kayo ng mga groceries,” sabi ni Jane.

Ubo lang ang sagot.

“Baka hindi makarinig,” aniya kay Raymund.
“Pasukin natin.”

Binuksan nila ang pintuan at naroon sa gitna ng maduming dampa, nakaratay ang isang matandang babae. Nakakaduwal ang amoy pero sanay na sila dahil marami na rin silang na-rescue na mga abandonadong matatanda. Iyon nga lang, masangsang talaga ang amoy dito, parang naaagnas na karne. Siguro nanggaling iyon sa naaagnas na paa ng matanda. Kawawa naman, baka may diabetes.

“Nay, kamusta po kayo? Bakit po kayo nag-iisa rito?” tanong niya.

Ubo ang sagot ng matanda. Sobrang tanda na nga nito, siguro palapit na ng isang daang taon base sa buto’t balat na pangangatawan, pero mukhang nakakakita pa ang mga mata na matalinong nakamanman sa kanila.

“Nagtrabaho po kami sa isang foundation at tinutulungan po namin ang mga abandonadong matatanda. Wala po ba kayong kamag-anak, ‘Nay?’”

Isang hindi maipaliwanag na ngiti ang sagot nito.

“Bibigyan po namin kayo ng mga groceries at gamot, ‘Nay.’”

Binalikan nila ang isang karton ng grocery sa sasakyan at pinagtulungang buhatin pabalik ng dampa. Inilagay nila ito sa gilid ng higaan ng matanda.

Isang hindi inaasahang pangyayari ang

biglang nagpahiyaw sa kanila. Isang buwaya ang bigla na lang lumabas sa ilalim ng higaan at nilapa ang karton.

Mabilis silang napaatras.

“Nay, baka makagat kayo!” ani Raymund sa matanda dahil inaabot nito ang buwaya.

Ngiti ang sagot ng matanda habang tinatapik ang ulo ng buwaya na para bang anak nito iyon.

Nagkatinginan silang dalawa habang napapatanong kung ano ang nangyayari.

At tumingin sa kanila ang buwaya. Lumiko para lumapit. Doon sila tumakbo sa pintuan, pero hindi natuloy dahil naroon ang mas malaking buwaya na naghihintay sa kanila.

Paano na sila makakalabas gayong ang nag-iisang bintana ay nasa gilid ng matanda at doon umaakyat ang isa pang dambuhalang buwaya.

Bago pa nakaatras si Jane ay lumipad na ang buwaya mula sa katre at dinakma si Raymund. Wala nang nagawa ang kaibigan kundi mapahiyaw dahil sa pagkagat ng buwaya.

Laking siyudad si Jane kaya hindi siya kailanman nakaakyat sa puno, pero siguro dahil sa panic, parang si *Spider-Man* na napaakyat siya papunta sa biga ng bubungan. Hindi niya alam kung paano niya nagawa iyon pero naigapang niya ang sarili papunta sa itaas.

Nakita niya kung paano pinag-agawan ng mga buwaya si Raymund para lapain.

Naalala niyang nasa bulsa niya ang cellphone. Inabot niya iyon at nag-text pero dahil sa nanginginig na kamay ay nahulog ito sa higaan ng matanda. Hinablot ng matanda ang cellphone niya

at itinago sa gilid nito.

Nakita niya kung paano tinirhan ng mga buwaya ang matanda. Hinatid pa nga dito ng pinakadambuhala ang pang-itaas na katawan ni Raymund. Itinaas ng matanda ang kamay at mabilis na hinablol ang puso ng kasamahan niya.

Napaiyak na lang si Jane nang makitang nasa bibig na ng matanda ang puso ng kanyang kaibigan.

Nang maubos na ng mga ito si Raymund ay tumingin ang mga ito sa itaas para hintayin siyang mahulog. Kumapit siya nang husto sa mga biga.

Siguro dahil busog, inantok ang mga nasa ibaba. Ang matanda ay napapikit at ang dalawa sa mga buwaya ay lumabas ng dampa. Isa na lang ang natira para magbantay at mukhang inaantok din ito. Hindi na kasi gumalaw.

Napaisip si Jane ng ideya kung paano makakalusot sa sitwasyon. Lumipat siya sa kabilang biga kung saan nakatapat ang nag-iisang aparador. Sinipa niya ito para matumba. Hindi na nakapiyok ang matanda nang malakas na bumagsak dito ang aparador. Mabilis siyang tumalon papunta sa aparador at mabilis ding tumakbo sa ibabaw nito hanggang sa makayuko siya at mahablol sa gilid ng matanda ang cellphone niya.

Nang nasa kamay na ang cellphone ay parang *Spider-Man* na naman na napaakyat siya sa biga ng bahay. Muntik na siyang matalon ng isang buwaya. Isang pulgada na lang ay nalapa na sana ang puwet niya.

Nang makabalik sa biga ay tinawagan niya ang

boss niya at ang mga pulis. Hindi na nagpatumpik-tumpik pa ang mga kinauukulan. Mga isang oras ay dumating ang mga militar. Nagtakbuhan ang mga buwaya sa ilog. Tinulungan naman siyang makababa. Halos hindi matapos ang pasasalamat ni Jane.

Kinuha ng mga militar ang katawan ng matanda sa ilalim ng aparador. Buhay pa ito. Ang mga buwaya ay ipapahanap daw sa mga crocodile hunters dahil matagal na raw problema ng magkalapit na barangay ang mga ito. Namemeste raw sa kanilang mga alagang baka, kambing, baboy, manok, at ilan na rin ang pinatay na mga tao.

Pagbalik ni Jane sa Maynila ay nagsimba siya at nagpamisa. Para sa kanya ay ikalawang buhay na itong ibinigay sa kanya.

III

Buhok

Bantay si Tikong sa isang plantang panggiling ng palay sa Panay. Nakatayo ang planta sa gitna ng malawak na palayan at may sarili itong kalsada mula sa highway.

Linggo noon. Sarado ang planta kaya siya lang ang nag-iisang bantay. Una niyang nakita ang ilang hibla ng mahahabang buhok bandang alas cinco ng hapon. Lumabas kasi siya mga alas tres sakay ng motor dahil may inuutos ang may-ari na si Mr. Kua. Bumili siya ng pagkain ng baboy, hinatid iyon sa farm sa kabilang barangay, bago bumalik ng planta.

Sa gate niya unang nakita ang mga buhok. Nahagip iyon ng kanyang mata habang sinususian niya ang gate. Dumikit ito sa tsinelas niya kaya gamit ang mga daliri ng paa, hinablot niya ito para matapon sa lupa.

Dumiretso siya pagkatapos sa loob ng gusali. At dahil papatakip-silim na ay naglinis siya ng paligid sa labas. Marami ngang hibla ng mahahabang buhok na nagkakalatan. Nagtaka tuloy siya kung saan ito nanggaling. Wala namang may mahabang buhok sa kanila. At ang haba talaga, mga tatlong piye siguro. Baka dumikit lang

sa mga sako na dinadala ng mga magsasaka sa lugar na iyon.

Winalis ni Tikong ang lahat ng nakitang hibla. Meron pa ngang nakadikit sa cactus na itanim ng may-ari malapit sa gate.

Pagkatapos, tinapon niya ang mga buhok sa basurahan sa labas ng pintuan. Ang plano niya sana ay sunugin ang mga ito. Ang problema, ubos na ang posporo. Hindi naman niya makita ang lighter ni Paeng. Tinatamad na siyang lumabas pa para bumili ng posporo. Bukas na lang niya iyon susunugin.

Madilim na ang langit nang pumasok siya. Naghapunan siya ng kanin at ulam na binili niya kanina sa karinderya bago nanood ng TV. Nagpapaantok siya bandang alas diez nang may narinig siyang iyak ng mga pusa sa labas.

Napatayo si Tikong dahil baka kinakalkal na naman ng mga pusa ang basurahan. Bukas ay uulit na naman siya sa paglilinis nito.

Pagkabukas niya ng pinto ay nakita niya ang mga pusa na nakapalibot nga sa basurahan. Hindi naman nangangalkal, pero parang ang basurahan ang puntirya dahil galit na galit silang lahat na nakatingin doon.

“Hay naku!” ang kanyang nasabi bago dinampot ang basurahan para dalhin sa loob ng gusali.

Kinandado niya pagkatapos ang pintuan, pinatay ang ilang bombilya, at bumalik sa panonood ng TV. Mga alas onse nang nagpasya si Tikong na matulog kaya tumayo siya sa upuan para mapatay ang TV at makapunta sa papag niya

sa ibaba ng mezzanine.

Sa biglang pagliko ng ulo niya ay may nakita siyang parang tao na nakatayo sa bandang pintuan.

Hala! Baka magnanakaw!

Mabilis siyang bumaba at lumapit sa pintuan, ang basurahan lang naman ang nandoon. Pero parang bumaho; kanina naman ay hindi ito ganito kasangsang.

Pinaypayan na lang niya ang ilong at tumalikod. Aalis na sana siya nang makita ang isang sako ng palay na papahulog. Nilapitan niya iyon at inayos. Papaliko siya pagkatapos para makapunta na sa papag niya sa ibaba nang mahagip ng tingin ang basurahan. Parang dumami ang buhok, kumapal at humaba na halos matakpan na ang basurahan. Lumapit siya para sana damputin ang mga buhok dahil baka may pumasok na pusa o anuman. Pero bago niya mahablol ay kusang tumaas ang buhok.

Napaatras si Tikong sa kabiglaan. At natumba siya sa sahig nang makitang lumipad ang mga buhok, tumaas pa lalo sa ere at nagsama-sama. Gustuhin niya mang sumigaw ay wala nang lumabas sa bibig niya nang parang kumot na tumalukbong sa kanya ang mga buhok.

Wala na siyang nakita pagkatapos. Naramdaman na lang ni Tikong na may hibla na lumingkis sa leeg niya.

Nagkumahog siyang makalabas sa delubyo pero lalong humigpit ang bigkis sa kanyang leeg. Mayamaya ay naramdaman niya ang mga hibla ng buhok na pumapasok sa kanyang tenga, ilong, mata. At bago siya mawalan ng ulirat ay

may napansin siyang lumapit sa kanya na isang mukhang may matangos na ilong. Lumuwag bigla ang lingkis sa leeg niya kaya nakahinga siya kahit paano. Pero hindi pa nga siya nakasinghap ng hangin nang biglang may mga pangil na tumusok sa kanyang leeg. Hindi niya akalain na isang aswang na Gumon pala itong kanyang napulot.

IV

Ang Salisip sa Tulay ng Zaldajuico

Minsang tinawag ng isang tabloid ang Tulay ng Zaldajuico na ‘suicide bridge’ dahil sa dami ng nagpakamatay doon. Mataas kasi ito at mababaw lang ang tubig sa ibaba kaya madaling mabagok ang mga taong tumatalon dito.

Noong isang Biyernes nga ay may nagpakamatay na naman. Isang dayong babaeng tindera sa isang sari-sari store ang tumalon. Sinisingil daw kasi ng mga inuutangan kaya nagpakamatay.

Narinig nga rin ni Bebot ang tungkol sa mga nagsu-suicide sa tulay sa malapit, pero hindi na niya pinapansin dahil abala siya sa trabaho bilang mason sa itinatayong gusali sa gilid. Anong paki niya sa mga iyon? Basta makakain siya nang tatlong beses sa isang araw ay solved na siya.

Isang Biyernes ay napa-overtime siya dahil pinakiusapan siya ng foreman na tapusin muna nila ang isang poste. Lumabas siya sa gusali mga alas diez na.

Nasa exit si Bebot nang makita niya ang isang mapormang binata na masaya at kinikilig pa habang nakikipag-usap sa cellphone nito. Makakasabay niya sana ito sa paglakad ngunit

tinawag siya ng foreman kaya tumigil siya pansamantala para makinig ng ilang habilin. Nang wala na ring ipapaalala ay lumabas na siya ng exit at naglakad sa tulay.

May ilaw naman ang tulay, kaso mahaba ito kaya may bandang madilim nang kaunti. Nakita niya sa malayo ang binata kanina. Tumigil ito at mayamaya ay nakipagbalyahan sa hangin na para bang may nanghihila rito.

Napakunot si Bebot ng noo habang tinitingnan ang lalaki sa malayo, at wala na siyang nagawa kundi ang mapasigaw sa hilakbot nang walang habas na tumalon bigla ang binata sa barandilya ng tulay. Rinig na rinig niya ang tila galing sa ibang mundo na sigaw nito at ang malakas na kalabog sa ilalim ng tubig.

Mabilis siyang tumakbo sa barandilya para tumingin sa ibaba at ang mabining daloy ng ilog lang ang kanyang nakita. Hindi niya makita kung nasaan na ang tumalon.

Tumakbo siya pabalik sa kanilang construction site para humingi ng saklolo. Tumawag sila sa pulisya at mabilis namang rumesponde ang mga pulis. Nakuha naman agad ang bangkay ng binata kaya nakauwi na rin si Bebot.

Hindi siya pumasok kinabukasan dahil sa pyuat. Naghintay siya ng balita at kinahapunan ay binalita na ang tungkol sa pagkamatay ng binata ng tabloid na nasa malapit din sa tulay ang publishing house. Suicide daw!

Napakunot ang noo ni Bebot. Ang huling kita niya sa lalaki ay kinikilig pa ito at nakabungisngis. Paano naman nagbago sa isang iglap ang mga

emosyon ng tao? Ang nakakapagtaka, bakit parang naghihikahos ito bago tumalon, na para bang may humihila?

Kinuwento niya sa kanilang engineer ang mga nakita noong gabi na nag-suicide ang binata. Sinamahan naman siya ni Engr. Rey sa barangay hall para magsumbong at para patingnan ang CCTV.

Binuksan ang CCTV at tiningnan ang pagdaan ng binata. Diretso ang lakad nito hanggang sa napatigil at nakipagbalyahan sa kung ano. Nag-iisa lang ito sa bandang iyon ng tulay, pero ang anino ay dalawa. Isa ay sa binata at ang isa ay sa hindi nakikitang nilalang na nanghihila. At mukhang kasama ang anino na tumalon sa barandilya ng tulay.

Nanindig ang balahibo nila sa nakita at ipinayo ni Engr. Rey na tingnan din nila ang CCTV ng ibang mga araw na may nagpakamatay sa tulay, pero wala raw maibigay ang barangay.

“Noong Huwebes lang po namin naipakabit ang CCTV na ’to,” sabi pa ng kapitan. “Ilang beses na kasing nasisira, eh. Ilang beses na pinalitan, pero sira din agad. Hinayaan na nga namin. Kung hindi lang kami sinita ng munisipyo last month ay baka hindi na namin nalagyan ulit ng CCTV d’yan.”

At tama nga ang sinabi ni Kapitan dahil nang sumunod na linggo ay napatambay ang grupo ng barangay sa harap ng kanilang gusali. Sira na naman daw ang CCTV sa bandang tulay.

Pinatawag ang isang pari para bendisyunan at mapalayas ang sinumang namamahay sa

tulay, ngunit nang sumunod na buwan ay may nagpakamatay na namang babae.

Nang hindi umepek ang sa pari ay pinatawag ang isang albularyo at sinabi nito na may naninirahan daw na salisip sa tulay, isang anino na nangunguha ng buhay ng tao. Mahirap daw mapaalis ang mga iyon hangga't walang malilipatan at dahil angkop ang ilog sa ibaba sa gusto ng salisip ay mukhang hindi nila ito mapapalayas.

Pinarondahan na lang ng barangay ng mga tanod ang tulay, at pinagbawalan na tumambay at dumaan ang mga taong nag-iisa. Sakay na lang sila ng jeep para makatawid. Mabuti naman at kahit paano ay nakontrol na ang mga tumatalon. Pero siguradong kapag nagpabaya na naman ang barangay ay may tatalon na naman doon. Doon lang kasi sa kasulok-sulukan nakatago ang aninong itim na naghihintay na makahila muli ng tao patalon sa tulay.

V

Emergency

Isang Lumad na nagtatrabahong English teacher sa Thailand si Badeth. Apat silang magkakapatid at puro mga babae. Siya ang panganay kaya siya ang nagpaparal sa mga nakakabata niyang kapatid. Iyon kasi ang pangako niya sa mga magulang na kahit gaano kahirap ang buhay bilang mga magsasaka ay tinaguyod talaga siya para makatapos ng kursong BS Education.

Oktubre nang makatanggap siya ng message sa *Facebook Messenger* mula sa kapatid na pinapaaral niya ng HRM sa *Mindanao State University*.

‘Manang, kailangan mong umuwi. EMERGENCY!’

‘Bakit?’ response niya.

‘Dito na lang daw sasabihin. Basta kailangan mong umuwi.’

Dahil sa hindi pa naman nakabakasyon ay nag-file si Badeth ng holiday leave at bumili ng ticket pa-Davao. Ang problema, na-postpone ang flight niya nang isang araw dahil sa bagyo. Natulog siya sa airport nang isang gabi bago natuloy ang flight niya. Ang problema ay hindi na naka-reply ang dalawa niyang kapatid. Siguro nakauwi na ang

mga iyon sa kanila at wala naman kasing signal doon dahil liblib na bundok. Walang susundo sa kanya. Sana ay may makita siyang masasakyan papunta sa kanila.

Maulan din nang dumating si Badeth sa *Davao International Airport*. Sumakay siya ng bus pa-Cordillera, ng isang jeep papunta sa kanilang bayan, at huminto sa waiting shed kung saan pumipila ang mga habal-habal papunta sa kanila. Alas cinco pa lang naman pero madilim ang langit dahil sa sama ng panahon. Walang ni isang habal-habal na naghihintay dahil nga madulas ang lupa.

Patay! Paano na siya ngayon? Siguro maghintay siya nang ilang oras. Kung wala talaga eh maghanap na lang muna siya ng kuwarto doon sa Poblacion. Pero paano naman niya susuungin ang ulan na ito papunta doon? Kumikidlat pa naman.

Malapit nang mag-alas siete ng gabi nang may nakita siyang head lights ng motor. Hay, salamat at may makakausap siya. Basang-basa na rin si Badeth at nilalamig. Mabuti na lang nga at pinabalot niya ang mga bagahe kanina para iwas sa tanim-bala.

Huminto sa gilid ng waiting shed ang motor at nagsalita ang driver na nakakapote. “Badeth, ikaw ba ’yan?”

Napabuntung-hininga siya nang marinig ang pamilyar na boses ng ama. “Tay, mabuti naman at dumating kayo. Wala talaga akong masasakyan!” sabi niya.

“Hiniram ko ’tong habal-habal ni Kadyo para masundo ka. Bakit kasi hindi ka dumating

kahapon? Naghintay ang mga kapatid mo sa airport.” Bumaba ng motor ang itay niya at kinuha ang kanyang bagahe at itinali ito sa likod ng habal-habal.

Nagbiyahe sila pagkatapos.

“Tay, ano po ba ang nangyari at pinapauwi ako ni Kakai?” pasigaw na tanong niya sa gitna ng ulan para marinig ng tatay niya. Natatakot siya at baka masamang balita iyon. Sa tatlong taon niyang pagtratrabaho sa Thailand ay ngayon lang siya pinauwi nang ganito ng mga kapatid. Hindi nga siya makatulog sa kaiisip.

“Doon na lang natin sa bahay pag-usapan dahil hindi maganda na nasa daan tayo at nagsisigawan!” sigaw din ng ama. Mayamaya ay may tinanong ito, “Kamusta na ba kayo ng nobyo mo?”

“Ano po?” tanong ni Badeth dahil medyo hindi niya narinig ang boses nito sa ulan.

“Kamusta kayo ng nobyo mo s’abi ko?”

“Okay naman po.”

“Kelan ba kayo magpapakasal?”

“Nang-iimbita na nga, pero sabi ko, patatapusin ko muna ang lahat ng kapatid ko!”

“Kapag nakatapos na si Kakai, mag-asawa ka na!” sigaw pa rin ng tatay niya. “Isipin mo rin’yong sarili mo para may makasama ka sa pagtanda! Hayaan mo na sina Kakai at Lisbeth na sila ang magpaaral kay Joane!”

“Tingnan natin at baka wala namang mahanap na magandang trabaho ang dalawa!”

“Huwag mo namang ibigay ang lahat sa kapatid mo! Bigyan mo rin ang iyong sarili. Ang

gusto ko ay magkapamilya ka rin!”

Hindi na siya sumagot. Tahimik na nilang binaybay ang daan. Lalo ngang lumakas ang ulan pero tulad ng dati kapag ang ama niya ang kasama ay hindi talaga siya natatakot. Matapang kasi itong tao.

Hinatid siya ng ama sa labas ng kanilang kawayang bakod. Kinabahan si Badeth nang makitang mailaw at maraming tao sa loob ng kanilang bahay.

“Dumiretso ka na sa loob. Ihahatid ko na lang kay Kadyo itong motor niya.”

Hindi na niya pinansin ang sinabi ng ama dahil nanginginig ang mga kamay niya sa takot sa kung anong matutuklasan sa loob. Mabilis niyang hinila ang bagahe. Pagkabukas ng pintuan ay natahimik ang loob ng bahay. Nandoon ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan, ang kanyang apat na nakakabatang kapatid at ang isang kabaong. Parang sumabog ang dibdib niya sa sakit at hindi na niya napigilan ang sarili na mapabulahaw ng iyak.

“Inayyyyyyy!” takbo niya sa kabaong. Nagdidilim ang paningin niya sa nararamdamang sakit at sa nakabalakid na luha sa mga mata.

“Anak, mabuti pala at dumating ka na?”

Napalinging siya at nakita roon ang kanyang ina. May bitbit itong tray na puno ng mga baso ng salabat para sa bisita. Galing pala ito ng kusina.

Napakunot ang noo ni Badeth. Sino itong nasa kabaong? Ibinalik niya ang mga mata sa salamin at nandoon, nakaratay ang kanyang ama.

Napailing siya sa gulat. Paano nangyari ito?

Tumakbo siya sa labas ng bahay para hanapin ang ama.

“Tayyyyyy! Saan kayo, ‘Tay?’” sigaw niya sa walang katau-taong kalsada.

“Nak, pumasok ka dito sa loob at baka magkasakit ka!” tawag ng ina, habang dala ang isang payong.

Tinakbo naman niya ang kalsada papunta sa bahay ni Kadyo. Naroon sa loob at kumakain ng hapunan mag-isa ang matandang binata.

“Kadyo, nakita mo ba si Tatay? Kanina sinundo niya ako doon sa waiting shed sakay ng habal-habal mo,” aniya.

“Ha? Nandiyang lang sa silong ang motor ko,” sagot ng lalaki.

“Hindi! Kasama ko si Itay!” iyak ni Badeth dahil hindi niya matanggap ang balita.

“Nak, tama na ‘yan!” saway ng nanay niya. “Wala na ang ama mo. Isa siya sa mga nabaril sa awayan sa lupa. Wala na siya!”

“Hindi, ‘Nay! Paano ako nakarating dito kung hindi niya ako sinundo?”

Iling ang sagot ng ina niya. Hinila siya nito pabalik ng bahay para matingnan nila muli ang kabaong. Nandoon ang ama niya, tahimik na nakahimlay.

Napahagulgol si Badeth. Kung alam lang niya ay nayakap man lang sana niya ang ama at nasabihan ng ‘salamat’ sa huling pagkakataon.

VI

Ang Magnanakaw ng Anino

Nangyari ito noong walong taong gulang si Nimfa kaya halos hindi na niya maalala ang mga eksaktong nangyari at kung tama ba ang pag-intindi niya sa nangyari.

Grade 2 sila noon at palagi silang magkasama ni Lilay dahil ito ang bestfriend niya at magkapitbahay pa sila. Kapag hindi siya masusundo ng nanay niya ay ang nanay ni Lilay ang nagdadala sa kanya pauwi. Kung ang nanay naman ni Lilay ang hindi makakapunta ay ang ina naman ni Nimfa ang susundo.

Minsan, ang ina ni Lilay ang sumundo sa kanila. Papalabas sila ng gate nang may natanggap itong mahaba at importanteng tawag mula sa trabaho. Nagpaalam sila ni Lilay na bibili muna ng pagkain.

“Basta ingat sa pagtawid ha!” bilin ni Aling Tess.

Tumakbo sila papunta sa kabilang kalsada. Dumiretso si Nimfa sa bilihan ng cotton candy. Si Lilay ay gustong kumain ng ice cream kaso walang nagtitinda ng ice cream.

“Gusto ko talaga ng ice cream,” maktol nito.

“Ayon, oh!” Itinuro niya ang isang mamang

sobetero na nakatambay sa kabilang kanto. Ewan kung bakit ito nakahiwalay at hindi pumuwesto malapit sa school.

Pumunta sila roon para bumili.

Isang cone ang binili ni Lilay. Nang inabot nito ang cone kay Lilay ay nahulog ang ice cream... o parang hinulog ng sorbetero ang ice cream sa lupa. Yumuko ang sorbetero at dinilaan ang lupa kung saan nahulog ang ice cream. Nakakamangha dahil sa bawat dila nito ay nabubura ang anino ni Lilay sa lupa.

“Ano po ang ginagawa n’yo?” Si Lilay mismo ang nagtanong.

“Kinakain ang ice cream. Sayang kasi,” sabi ng mama habang mabilis na dinidilaan ang anino ni Lilay.

“Madumi ’yang lupa! May germs!” patuloy ni Lilay.

“Masarap nga, eh!” sagot ng sorbetero habang tinatapos ang anino. Nang maubos nito ang anino ni Lilay ay tumingin ito sa kanya. Ibinaba nito ang ulo sa kanyang anino para dilaan din.

“Ayaw!” sigaw ni Nimfa sabay hila sa kamay ni Lilay para makabalik sila sa nanay nito.

Nangingilabot siya dahil siya lang ang may anino, si Lilay ay wala na. Kinalabit niya si Aling Tess para sabihin sa ginang ang tungkol doon, pero sinenyasan siya nito na tumahimik dahil importante raw ang kausap nito.

Habang naglalakad sila papunta sa sakayan ng taxi ay napapatingin siya sa likuran at gilid ng mga batang nakakasalubong nila. May anino ang lahat, pero si Lilay ay walang anino.

Nakarating sila sa kanila nang hindi natapos ang tawag ni Aling Tess. Ang huling naalala ni Nimfa kay Lilay ay namumutla ito. Walang kulay ang mga labi.

Ikinuwento niya sa ina na walang anino kanina si Lilay pero sininghalan siya nito na tumahimik dahil nanonood ito ng paborito nitong telenovela.

Nang sumunod na araw ay hindi nakapasok sa eskuwela si Lilay. Nilagnat daw nang sobrang taas at suspetsa ng mga doktor ay may dengue. Pagkatapos ng tatlong araw ni Lilay sa ospital ay dumating ang maliit na kabaong sa bahay ng mga ito. Patay na ang kaibigan niya.

May sarili nang pamilya si Nimfa ngayon. Nagkaroon siya ng dalawang anak na babae. Tagubilin niya sa mga ito na palaging bantayang maigi ang mga anino, dahil sino ang makakapagsabi? Baka magnanakaw ng anino ang kanilang katabi.

VII

Ang Itim na Aso

Abala sa katatapos ng trabaho si Jaque sa opisina niya sa Munich nang tinawagan siya ng kanyang boss para kausapin. Maa-assign daw siya sa Pilipinas para sa kanilang panibagong project at siya ang ipapadala dahil half-Filipino siya.

Napatawa siya. Naalala niya kasi ang nangyari sa kanya noong doce siya at kung bakit hindi siya ni minsan pinabalik ng nanay niya roon. Tingin niya ay may nakain lang siyang masama noon kaya sumakit ang kanyang tiyan at nagsuka siya. Sa probinsya kasi naninirahan ang lola at lolo niya kaya masyadong mapamahiin.

Taong 2001 iyon nang umuwi sila ng mommy niya sa Pilipinas, doon sa Kabisayaan. Hindi nakasama ang ama niyang German dahil may trabaho ito. Tuwang-tuwa siya kasi malapit sila sa dagat, hinahayaan siyang maligo kahit anong oras.

Masaya naman ang bakasyon ni Jaque habang kalaro ang mga pinsan. Wala na nga siyang ginawa kundi ang maligo nang maligo.

Nag-umpisa lang ang problema nang may isang malaking itim na aso na tumambay sa

buhanginan. Nakakaagaw-pansin ito dahil alam niyang maliliit lang ang mga aso sa Pilipinas kumpara sa Europa kung saan malalaki ang lahi. Dambuhala itong nakikita niya, mukhang pinaghalong Siberian Husky at Dobermann at matalino kung makatingin. Pero agad ding nawala rito ang kanyang pansin dahil nagsimula ng bagong laro ang mga pinsan niya.

Pagkauwi nila ng bahay ay sumakit ang tiyan ni Jaque. Kinagabihan ay nakakarimarim na iyak ng isang aso ang pumaimbabaw sa kanilang paligid. Iba talaga ang tunog niyon, nakakapanindig-balahibo kaya kinilabutan ang lahat ng tao sa loob ng bahay. Pagkatapos ng ilang iyak ay halos hindi siya makahinga sa sobrang sakit ng kanyang tiyan.

Ang lolo ni Jaque ay napahasa talaga ng itak at tinawag ang panganay nitong anak na nasa kabilang bahay lang.

“Narinig mo ba ang iyak ng balu?” tanong ni Lolo Mador kay Uncle Dodong habang nakatingin sa kanya na nakahilata sa higaan.

“Yan nga rin ang iniisip ko,” sang-ayon ng kanyang tiyuhin na napapatingin din sa kanya.

Ang mommy naman niya ay namutla. Mayamaya ay napaiyak na.

“Nak, may nakita ka bang kakaiba kanina sa baybayin?” tanong ng ina habang nagpapahid ng luha.

Sinabi ni Jaque na may nakita siyang malaking itim na aso.

Ang isa naman niyang tiyuhin ay inutusan ng lolo niya na tawagin si Oda Doray na isa

raw albularyo. Mayamaya, dumating ang isang matabang babae na may bitbit na isang sakong puno ng mga dahon at botelya ng kung anong langis.

“Tama talaga ang hinala ko nang marinig ko ang iyak na ‘yan. May binabalu,” sabi ng albularyo habang halos pinapaliguan siya ng langis.

Tinanong niya ang ina sa German kung ano ang ibig sabihin ng balu. Ang sabi nito ay may inaaswang daw. Iyon daw ang tawag nila sa mga nilalang na naghuhugis-aso para makagala at makahigop ng mga kaluluwa.

Tumawag ang kanyang ina sa German na tatay niya, at rinig na rinig niyang nagagalit ang huli. Dalhin daw siya sa ospital dahil baka kung ano lang ang nakain niya. Sa takot sa asawa ay napagpasyahan ng kanyang ina na pumunta sila sa ospital.

Natahimik ang kanilang mga kamag-anak.

“Teresita, alam mo naman kung ano ang nangyari kay Banjo nang binalu, di ba?” tanong ni Tita Rosa sa kanyang ina. “Namatay lang ‘yon sa ospital.”

Napaiyak lalo ang nanay ni Jaque. Tumawag uli ito sa tatay niya na galit na galit naman, bakit daw naniniwala ang mommy niya sa matatandang paniniwala?

“Hindi mo naiintindihan! Lahat ng binalu dito sa amin ay namatay lang sa ospital!” sigaw ng mommy niya sa lengguwaheng German.

“No! Dalhin n’yo sa ospital at tapos na ang usapan!” ganting sigaw ng asawa nito.

Walang nagawa ang nanay niya kundi sundin

ang kanyang ama.

Walang sasakyan ang Lolo Mador ni Jaque, ang service lang ay ang tricycle ni Uncle Dodong. Medyo kalahating oras din ang layo ng kanilang barangay sa Poblacion at gabi na noon.

Tinawag ng lolo niya ang lahat ng mga maton sa kanilang pamilya—ang tatlo nitong anak na lalaki at ang mga binata niyang pinsan. Kumuha sila ng mga armas, itak, at saka baril.

Si Oda Doray naman ay may binigay na malaking pendant sa kanya na gawa sa bakal at may ukit ng isang mata. “Nak, hawakan mo ’to nang maigi, ah. Panglaban ’yan sa masasamang espiritu.”

Malamig sa balat ni Jaque ang pendant at para hindi mawala ay tinali ito ng ina sa lubid at pinakuwintas sa kanya.

Hiniram din ng lolo niya ang tricycle ng kapitbahay kaya dalawang tricycle silang lahat. Kinandong siya sa nanay niya. Sa gilid ay ang kanyang Uncle Dodong, habang nasa likuran naman ang kanyang Lolo Mador, Kuya Boyet, Kuya Ingkong, at ang tanod na si Gazpar. Sa likuran naman ng drayber ay ang kanyang Tiyong Jose. Sa isang tricycle na ang iba. Magkakasama silang sumuong sa dilim ng kalsada.

Medyo nagdidilim na ang paningin ni Jaque noon dahil sa sobrang sakit ng tiyan. Ang naalala lang niya ay ang matigas na pagpihit ng mommy niya sa kanyang kamay para hindi nila mabitiwan ang pendant. At hindi siya sigurado kung tama ngang may naalala siyang nakakanindig-balahibong iyak ng aso na sumusunod sa kanila o

baka iyon lang kasi ang kuwento ng ina sa kanya.

Wala na siyang maalala noon pagkatapos. Nagkamalay siya na nasa Germany na. Ayon sa kuwento ng mommy niya, hindi daw bumuti ang sitwasyon niya sa ospital. Dumating daw ang daddy niya at napagpasyahan ng lahat na ibalik siya sa Germany. Kinausap daw ng lolo niya ang pinsan nitong may anak na heneral. Kinarga daw siya sa isang army truck papuntang airport.

Bago namatay ang mommy niya sa sakit na cancer ay pinaalalahanan siya nito. “Nak, huwag na huwag kang tumapak sa Asya ha, lalo na sa Pilipinas. Lahat ng mga binalu ay namatay. Nailigtas ka lang dahil nakalabas ka ng Pilipinas at hindi ka na nasundan.”

Ang daddy naman ni Jaque ay hindi naniwala sa balu hanggang ngayon. Sa tuwing maalala ang pangyayari ay napapangiwi ito na parang kabaliwan iyon. Nang magpaalam nga siya na babalik ng Pilipinas para sa trabaho ay napatawa pa ito.

“*Viel gluck!*” bati nito sa German ng good luck. Wala man lang pagtutol.

Kasama ang dalawang engineer at finance manager, pumunta sila ng Pilipinas sakay ng *Philippine Airlines*. May nakahintay nang condo para sa kanila doon sa Alabang habang sa Laguna naman ang kanilang planta.

Gumagawa kasi sila ng mga computer parts. At mura ang labor sa Asya kaya nagre-relocate sila rito.

Dalawang malaking warehouse ang nirentahan nila. Sa ikalawang warehouse ang opisina niya.

Sa unang buwan ay abala sila sa paghahanap ng mga trabahador at pag-aayos ng kanilang lugar. Sa ikalawang buwan ay nakaayos na ang kanilang mga makina. Pinaandar iyon lahat kaya inabot sila ng gabi.

Pinapaandar nila ang generator nang parang may narinig siyang pamilyar na iyak ng aso. Nanakit ang batok niya.

“Hey, can you turn the machine off for awhile?” utos niya sa operator.

Pinatay ito kaya tumahimik ang paligid.

“Did any of you hear something? Like a dog crying?” tanong ni Jaque sa apat na tao na natira sa gusali.

Napailing ang mga ito.

“Good!” ang nasabi niya. Baka guni-guni lang niya iyon.

Pinagpatuloy nila ang pag-check hanggang sa pinagpasyahan nilang lahat na magpahinga na dahil pa-alas nueve na ng gabi.

Nagpaalam na rin si Jaque dahil magbibiyahe pa siya pabalik ng Alabang. Pinatay nila ang ilaw sa gusali at siya naman ay lumabas para makuha ang gamit sa opisina niya sa gilid. Naglalakad siya sa bukas na rampa papunta sa hilera ng mga opisinang inaayos pa lang nang buong lakas niyang narinig ang isang makapanindig-balahibong iyak ng aso.

Naparalisa si Jaque sa kinakatayuan. Isang industrial district ang kanilang planta kaya paanong nagkaroon ng isang masamang iyak ng aso roon? Pakiramdam niya ay napakabulnerable niya habang nag-iisa sa labas, at siguradong

nasa kasuluk-sulokan ng dilim na iyon ang pinanggalingan ng iyak.

Nang nakabawi ay napatakbo siya sa kanyang opisina. Agad niyang ini-lock ang pintuan. Double lock para hindi siya mapasok. Napahawak siya ng batok at napaluhod sa takot. Mayamaya ay may narinig siyang parang hinihinal.

Tumalikod siya at doon malapit sa kanyang mesa, nakatayo ang isang dambuhalang itim na asong kamukhang-kamukha ng nakita niya noon sa baybayin. Naglalaway ito na parang asong ulol at nakatingin sa kanya nang buong takam.

Bago siya nakagalaw ay sinunggaban na siya nito.

VIII

Ang Pamana

Si Olga ay isang masahista. Iyon ang ipinangbubuhay niya sa dalawang anak. Doble-kayod siya ngayon dahil running for valedictorian ang dalaga niyang panganay. Siyempre, kailangan niyang magpapiyesta para sa mga guro at kaklase ng anak. Wala naman siyang maasahan dahil mangangahoy lang ang asawa niyang si Pedro.

Papunta siya sa bahay ng isa niyang suki nang may dumating na motor. Sinabi ng sakay na boy ay magpapamasaha raw ang amo nitong si Mrs. Basito.

“Sige. Pagkatapos nitong service na ’to.”

Dumiretso si Olga sa suki niya. Isang oras siya doon bago dumiretso sa bahay ni Mrs. Basito sa Barangay Western. Ito ang pinakamalaking bahay sa kanilang bayan. Ang mga Basito kasi ang pinakamayamang pamilya sa kanila. Ang yumaong ama ng mga ito ay dating gobernador ng kanilang probinsya.

Tiningnan ni Olga ang relo. Alas cuatro pa lang. Ayaw niya kasing mag-service doon nang gabi dahil tsismis doon na may lahing aswang ang mga iyon. Pinupuntahan niya lang dahil malaki

magbayad, lalo na ngayong nandiyan ang mga galing abroad.

Quince minutos siyang naglakad bago nakarating kina Basito. Isa itong compound ng malalaking bahay, at sa gitna ay ang lumang ancestral house ng pamilya, isang bahay na bato. Lahat doon ay professional—may abogado, doktor, pari, teacher, engineer, etcetera. Sa pinakamalaking bahay siya pumunta, kay Mrs. Arnie Basito, ang asawa ng panganay na anak ng dating gobernador na ngayon ay kapitan ng isang American luxury cruiser.

Nandoon nga pala si Kapitan at ito ang magpapamasahe. Inulan siya nito ng tanong habang sini-service niya sa kuwarto ng mag-asawa.

“Olga, di ba may anak kang dalaga? Narinig ko matalino raw, eh.”

“Oo. Dalawa sila. Babae at lalaki. ‘Yong lalaki ko, first honor din ‘yun.”

At may isang iyak na umalingawngaw mula sa katabing lumang bahay. Hindi na siya nagulat dahil narinig na niya iyon dati kapag magmamasaha siya. Iyon ang lola ng magkakapatid. Lampas isang daan na ang edad nito pero hindi pa namamatay.

“Kung gusto mo, kami ang magpapaaral sa kanila basta tulungan mo rin kami.”

“Ay totoo, Sir?” tanong ni Olga. Matatalino ang mga anak niya at siguradong malayo ang mararating. Magpapasalamat talaga siya nang malaki kung may tutulong sa kanila.

“Oo. Pero may hihingin din sana kami sa ‘yo.” Medyo nag-aalinlangan ang kapitan na

magsalita. “Alam mo naman siguro ang sitwasyon ni Lola Ambra. Hindi talaga siya malalagay sa tahimik hanggang sa may magmana. Yong dati sana naming katulong, kaso naglayas pagkatapos makuha ang pera.”

Noon siya kinabahan, mukhang naghahanap ang pamilya ng magmamana ng bato ng matandang nakaratay sa kabilang bahay.

“Ahhh, pag-iisipan ko muna, Sir,” kinakabahang ani Olga.

Hindi naman namilit ang kapitan. Pagkatapos ng masahe ay binigyan siya ng isang libo.

Nagpasalamat siya at bumaba sa bandang kusina para makauwi na rin.

At iyon, may sumigaw uli. Papalabas sa kabilang bahay ang mga katulong, buhat-buhat ang dating donya sa kanilang probinsya na si Ambra Saldajevador. Nakabuhaghag ang puting buhok nito dahil sa sobrang pagpupumiglas. Nakabuntot din sa mga ito ang apo nitong nurse.

Huminto ang mga ito sa isang balon sa likurang bahay. Itinali ang matanda sa lubid at ibinaba sa balon kung saan umalingawngaw ang iyak nito. Nag-iinit siguro ang katawan kaya ibinababa sa malamig na tubig.

Kuwento nga kay Olga ng lola niya, dayo lang daw ang matanda. Isa raw itong purong Chilean na nakilala ng matandang Basito sa Hawaii noong nagtrabaho itong sakada sa isang plantasyon ng pinya.

Pagdating daw ng mag-asawa sa kanilang lugar ay nagkapeste ang mga alagang hayop. May nangsipsisip daw ng dugo. Pero sobrang yaman

daw kasi ng Chilean kaya takot din ang mga tao na mag-alsa, basta lang ba wala itong biktimahin na mga tao. Mabuti naman daw at wala. Hindi lang sila sigurado sa mga kabilang bayan at probinsya kung may nabiktima ito roon. Ang mga aswang daw kasi ay karaniwang sa mga kabilang lugar namemeste.

Dumiretso na lang si Olga sa gate. Baka mapagkamalan pa siyang usyusera.

Pagkauwi nga niya sa kanila ay ikinuwento niya sa asawa ang sinabi ng kapitan sa kanya. Imbes sa matakot ay sinabihan siya nitong tanga kung hihindian niya ang alok ng mayamang lalaki.

“Ano ngayon kung maging aswang ka? Eh ‘yang mga Basito na ‘yan mga aswang, pero mas hamak namang mas komportable ang buhay nila kaysa atin. Lahat ng mga anak ay professional. Sa panahon naman ngayon, hindi na importante kung may lahi ka, ang importante ay may diploma ka. Sa sitwasyon nating ‘to, sa tingin mo ba, mapapaaral natin ang mga anak natin? Kung tutuusin ay kaunting sakripisyo lang ‘yan para may marating naman si Yeye at si Ding.”

Nang sumunod na araw nga ay sinamahan si Olga ng asawa at pumunta sila sa bahay ng mga Basito para kausapin ang kapitan. Papayag siya na siya ang magmamana ng bato, basta tulungan ng pamilya Basito na makatapos ang dalawa niyang anak.

“Tatanawin talaga naming malaking utang na loob ‘to, Olga,” sabi ni Kapitan Basito. “Mas maigi sana na mas maaga, para makapahinga na rin si Lola Ambra.”

At dahil nga lumabas din ang resulta ng mga grades at valedictorian ang anak ay napagpasyahan nilang huwag nang ipagpaliban iyon, dahil kailangan nila ng panghanda sa graduation, tapos may gagastusin pa sa enrollment.

Ang usapan ay sa Linggo nila gagawin. Bumalik sila nang Linggo ng hapon at nandoon ang kapatid na doktor ng kapitan at ang tiyuhin nitong pari para tumulong.

Kinakabahan man ay bumuntot silang mag-asawa papunta sa kuwarto ng matanda sa ground floor. Naroon ang apo nitong nurse, nagbabantay.

Umupo ang pari sa higaan ng ina para kausapin ito. "Ma, makakapahinga ka na. 'Andito si Olga. Siya ang magmamana ng bato ninyo."

Napamulat naman ang matanda. Banaag ang tuwa sa pagod nitong ngiti nito.

Pinahiga siya ng doktora sa ilalim ng papag ng matanda. Pinatagilid naman ng pari ang aswang para makaharap ito sa kanya. Nakaramdam si Olga ng nerbiyos kaya bigla siyang napaupo.

Hinawakan ng asawa niya ang kanyang mga braso para maibalik siya sa sahig. Ang doktora ay hinawakan ang kanyang mga balikat. Hinawakan ng kapitan ang mga paa niya. Gustuhin niya mang hindi ito ituloy ay hindi na siya makagalaw.

At humaba ang dila ng matanda. Dalawang piye din ang layo ng papag sa sahig kaya napalaki na lang ang mga mata niya nang naabot ng dila nito ang kanyang bibig at naligo ang mukha niya sa laway. Akala ni Olga, ihuhulog lang ang bato pero hindi pala. Pinasok ng dila nito ang kanyang lalamunan kaya naduduwal siya at halos hindi

makahinga. Naramdaman niya ang payat na laman na naghahanap ng daan sa kaloob-looban niya.

Ang sunod niyang naramdaman ay ang pagkuryente sa kanyang laman, parang orgasmo nga na nanginginig siya sa sensasyon. Mayamaya, may naramdaman siyang hapdi sa tiyan. Parang may nabubuong apoy sa loob niya kaya namilipit siya sa sakit hanggang sa nawalan ng malay.

Nagising si Olga sa dampa nila. Ang kanyang asawa ay abala sa pag-aasikaso ng graduation ng anak nila. Engrande nga dahil binigyan sila ng cincuenta mil ng mga Basito para panghanda.

Napansin niyang parang nahihilo siya palagi. Minsan nagdidilim ang paningin niya pero tinitiiis niya lang para mairaos ang thanksgiving party ng panganay.

Kinaumagahan ay pinag-empake siya ng asawa. Lilipat daw silang dalawa doon sa bayan nito kung saan may lupa ang magulang ni Pedro sa bundok. Ipapadala raw nila ang mga bata sa kapatid nitong matandang dalaga sa Maynila para hindi makutyang aswang ng mga kakilala na aswang. Ngayong patay na si Ambra ay siguradong matutukoy din ng mga kababayan kung sino ang nagmana ng bato.

Nagpatayo sila ng kubo sa bundok at doon niya ininda ang lahat ng epekto ng kanyang pag-iibang-anyo. Sa unang limang buwan ay nilagnat siya at dumuwal nang dumuwal hanggang sa nagkaroon siya ng kakaibang panlasa. Una niyang biniktima ang braso ng asawa, kaya iginapos siya nito at ikinulong sa kural. Doon ay parang

sa baboy siyang hinahatiran na lang ng hilaw na pagkain. May ilang beses ngang gusto na niyang sumuko dahil sa hirap ng sitwasyon niya, pero naiisip niya ang mga anak.

Limang taon siyang nakakulong doon hanggang sa natuto siyang kontrolin ang kakaibang gutom at tumulong-tulong sa asawa na magtanim ng palay at mag-alaga ng mga baboy at manok para may makain siyang hilaw. Naaawa siya sa sarili pero sa tuwing dumadating ang sulat at tawag ng mga anak tungkol sa mga nakamit ng mga ito sa paaralan ay naniniwala siyang may patutunguhan ang sakripisyo niya.

Nagtapos na *magna cum laude* ang anak niyang si Yeye sa kursong Nursing at pinaaral pa ito ng mga Basito ng Medicine. Nang magtapos nga itong doktor ay pumunta silang mag-asawa sa Maynila at hindi niya talaga napigilan ang mapaiyak habang umaakyat sa stage para kabitan ng medalya ang kanyang dalaga.

Naisip niya, hindi na bale ang hirap na pinagdaanan niya. Ang importante ay marunong namang tumanaw sa kanyang paghihirap ang mga anak. Ang masakit ay iyong naghirap ka na nga, tapos ang anak mo ay nagbuntis o nagdroga. Ang mga anak niya ay nagpursige.

Mabilis talaga ang panahon dahil pati ang bunso niya ay nakatapos ng pagkapiloto. Hindi ito kasing-talino ng ate nito pero masipag ding mag-aral. Nakakuha ito ng trabaho sa Canada bilang commercial pilot. Gusto nga silang kunin pero umayaw silang mag-asawa. Narinig kasi nila sa pinsan ng asawa na hindi naman daw masaya

doon.

Bumalik sila sa bayan nila para magpatayo ng malaking bahay. Nakapag-asawa kasi ng Norwegian doctor ang panganay niya at gusto nitong magpatayo ng vacation house sa kanila. Doon naman kasi ito nagkamulat kaya lahat ng mga kakilala at kaibigan ay taga-doon. Hindi na nila pinansin ang masasamang tsismis dahil kapag may pera ka ay hindi ka rin naman kakantiin.

Ang problema ngayon ni Olga ay kung sino ang magmamana ng karamdaman niya. Hinding-hindi niya ito ipapamana sa mga anak. Naisip nga niyang kung ang mga Basito nga ay naipamana sa iba ang pagkaaswang, siguro ay may mahahanap din siyang magmamana ng bato sa loob ng kanyang tiyan. Sa ngayon ay ie-enjoy na lang niya itong mga Brahman na baka na binili pa ng anak niya sa India para lang sa kanya.